

The STATE OF THE PROVINCE ADDRESS
Hon. FAUSTINO G. DY III
"STANDING TALL, HUMILITY BEFORE ALL"

**"Standing Tall, Humility Before All"**
**The State of the Province Address 2015 by the Honorable Faustino G. Dy III**
**29 July 2015**
**GFND Session Hall**

Isang taon na po mula nang huling humarap ako sa inyo para mag-ulat sa aking State of the Province Address.

Natatandaan ko po na sa unang bahagi ng aking ULAT, kitang kita ko at damang dama ko ang inyong kasiyahan at pagmamalaki nang inisa-isa ko ang mga awards at citations na natanggap ng inyong Provincial Government sa nagdaang taon.

Matapos kong i-deliver ang aking ulat, agad sumailalim ang Provincial Government sa pinakamahigpit na malalim na pagsusuri ng DILG para matukoy ang kalidad ng pamamahala at upang masukat kung papasa at karapat-dapat ito sa PINAKAMATAAS NA KARANGALAN na maaaring igawad sa isang local government unit.

Ngayong umaga ay hayaan ninyong simulan ko ang aking ulat sa pamamagitan ng pagbabalita na ang inyong Provincial Government ay hindi lang pumasa sa pagsusuri ng DILG; NAKAMIT PO NG ATING LALAWIGAN NG ISABELA NGAYONG 2015 ANG PINAKAMATAAS NA PAGKILALA NA MAIGAGAWAD SA ISANG LGU .. ito po ang SEAL OF GOOD LOCAL GOVERNANCE o ang S-G-L-G.

Ang Seal of Good Local Governance ay binansagang The Mother of all LGU Awards at ULTIMATE o BEST EVER LGU Award. Ito ay isang SEAL OF EXCELLENCE. Kung mayroon ang isang local government nito, walang duda sa husay ng pamamalakad nito. Dahil makakamit lamang po ito kung ang LGU ay may pasadong grado sa pamamahala sa larangan ng

1. Financial Housekeeping o pangangasiwa sa pananalapi;

2. Disaster Preparedness;

3. Social Protection o pangangalaga sa ating mga kabataan, estudyante, maysakit, senior citizens, small farmers, may kapansanan, at kababaihan;

4. Business-Friendliness;

5. Peace and Order; at

6. Environmental Management.

Sa maikling salita, kapag may SGLG... THE BEST ang pangangalaga sa kaban ng lalawigan, THE BEST ang kahandaan sa mga sakuna at THE BEST ang pagtugon sa pangangailangan ng marginalized population. Kaya naman, CONGRATULATIONS, ISABELA! CONGRATULATIONS PO SA ATING LAHAT!

Tayo ay naghahayag ng ulat ngayon sa ilalim po ng nakahilig pasulong na arkong ito na isang mabilog na LETRANG V for VICTORY. THIS LEANING VICTORY arch is a symbol that has a special meaning that I would like to share with all of you today. It is a manifestation of how we feel about winning the SEAL OF EXCELLENCE in governance. WE STAND TALL WITH HUMILITY. Sa 159 years na kasaysayan ng lalawigan ng Isabela, ngayon po ay nailuklok na tayo bilang isa sa pinakamahusay na lalawigan sa LAHAT ng larangan ng pamamahala.

Nakahilig pasulong ang ating simbulo ng tagumpay.. dahil ito rin po ay sumasagisag sa ating pagpapakumbaba sa kabila ng napakataas na karangalang nakamit natin.. at napakatayog na kalagayan ngayon ng Isabela.

Ang ipinahihiwatig nito ay ang inyong hindi matatawarang tiwala, walang kapagurang suporta, at walang katapusang pakikiisa para sa ikatatagumpay ng mga programang nasimulan natin. At dahil po dito, hindi naging mahirap ang daan tungo sa ating kinalalagyan, kaya㈸嬪t manalig kayo na ang samahang Dy-Albano ay patuloy na magbibigay galang, magpapakumbaba, at makikiramay sa larangan ng hanapbuhay, kabuhayan, edukasyon, kalusugan at pagkakasakit, sa aksidente, sa kalamidad, at kaligtasan. At karugtong ng lahat ng ito ang aking taimtim na panalangin ng pasasalamat sa ating Panginoong Diyos at sa inyong lahat, mga minamahal kong Isabeleño. Maraming salamat din po sa paniniwala ninyo sa amin, dahil binigyan ninyo kami ng pagkakataon na marating natin ang ating tagumpay. This is the ROAD TO EXCELLENCE IN ALL ASPECTS OF GOVERNANCE.. WHICH LED TO OUR VICTORY AS A PROVINCE.

Akala ko nga po noon ay mahabang panahon ang kakailanganin natin para mailuklok sa pedestal ng local governance ang Isabela. Wala pa pong limang taon ay nakamit na natin ito. Muli, marami pong salamat sa inyong pakikiisa.

The road to EXCELLENT AGRICULTURAL PRODUCTIVITY brought us up close and personal with the main drivers of our economy, the SMALL FARMERS.

Noong nagpasya tayong tutukan ang kalagayan at tugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga small farmers natin, isinapuso natin ang isang komitment: pagmalasakitan ang mga small farmers para magkaroon sila ng inspirasyon sa patuloy na pagganap nila sa kanilang mahalagang papel sa ekonomiya at food security ng Isabela at ng ating bansa.

Isabela remains to be NUMBER 1 in Corn Production and Biggest Surplus Producer of Rice; still one of the 10 richest provinces in the country and again the 2015 National Agri-Pinoy Rice Achievers Awardee, just like in the previous years of 2014 and 2013. Napanatili natin ito dahil sa BRO SMALL Farmer Assistance Program na nasa ikalimang taon na ng implementasyon. At talaga nga namang nagpasaya ito sa ating mga magsasaka hindi lamang dahil sa paglaki ng kanilang kita, kundi pati na rin sa pagbuti ng kabuhayan ng ating mga small farmer families.

Napababa natin ang mga gastusin ng ating mga small farmers sa pagsasaka at pag-aangkat ng mga ani; nalibre sila at ang kanilang pamilya sa mga gastusin sa edukasyon, kalusugan, at biglaang mga aksidente; naihanda at naiahon rin sila at ang kanilang sakahan sa panahon ng kalamidad at disaster.

More than 8,000 hectares of farmland across Isabela are now insured with the Philippine Crop Insurance Corporation (PCIC) because of BRO PANEGURO SA PANANIM. At mahigit 11 Million Pesos ang naibayad ng Provincial Government para agarang makabangon pagkatapos ng kalamidad ang mahigit 21 thousand small farmers ng Isabela.

Dahil naman sa mga subsidiya ng BRO PANTAWID PAMASAHE at BRO AYUDA SA PRESYO, may halos 4 thousand farmers ang nagbenta ng kanilang ani na may dagdag presyo at pamasahe sa halagang halos 6 Million Pesos sa NFA-Isabela. Ito ay nakatulong ng malaki para sa matatag na presyo at sapat na supply ng bigas sa Metro Manila at sa maraming probinsya.

Ngayon po ay mahigit 11 thousand marginalized farmers na sumasaka ng mahigit 6 thousand hectares ang nabigyan ng mga pautang mula sa mahigit 32 Million pesos na alokasyon natin sa BRO-Loan Assistance for Marginalized Farmers Program o BRO LAMFP.

Halos 20 thousand farmers at mga farmers' cooperatives na rin ang nakakuha ng mga pautang sa ilalim ng BRO LIVELIHOOD na nagpalawak sa kaalaman sa pagnenegosyo at nagbukas ng maraming oportunidad para sa dagdag-kita sa barangay. As of June 30, 2015 mahigit 200 million pesos na po ang naipautang natin sa ilalim ng dalawang livelihood programs.

Today, more than 1 thousand wives of farmers from more than 151 barangays in 19 municipalities are beneficiaries of BRO PAIWI. Napakahusay po na alternative income source na ito para sa asawa ng ating mga magsasaka sa panahon na hindi sila nagtatrabaho sa bukid.

Almost 8 thousand small farmers are enrolled for free in BRO PHILHEALTH, and out of the 175 thousand BRO HEALTHCARE, more than 3 thousand are small farmers. At ang BAWAT miyembro ng kanilang mga pamilya ay nakikinabang sa kanilang membership. Mahigit 100 million pesos ang ginugol ng Provincial Government sa dalawang programang ito na lubos na nakapag-pagaan sa bigat ng pasanin ng mga problemang pangkalusugan ng ating mga minamahal na magsasaka.

Sa taong 2015, masasabi nating nalibre ang mga magulang na small farmers ng halos 250 million pesos na halaga ng mga tuition fee dahil may 16 thousand estudyante na tayong naipasok sa BRO for EDUCATION. At patuloy na tinutustusan sa kanilang pag-aaral sa lahat ng campus ng Isabela State University; sa St. Ferdinand College, University of Perpetual Help System; sa Mallig Plains College, HG Baquiran Colleges, sa Philippine Normal University; at sa marami pang eskuwelahan hindi lamang sa Isabela kung hindi sa buong Pilipinas. Ang dating pangarap lamang na Isang Skolar Kada Isang Farming Family ay isa nang katuparan ngayon. At hindi rin pagmamalabis kung ating sasabihing hindi na nalalayo ang panahong mayroon nang Isang College Graduate Bawat Isang Pamilyang Isabeleno.

Mayroong 57 thousand farmers at kanilang mga anak ang ngayon ay naiseguro sa ating BRO INSURANCE PROGRAM na maaring magbigay ng 50 thousand pesos na ayuda sa oras ng kagipitan sa hindi inaasahang pangyayari.

Pensyon sa panahon ng retirement, mahihiraman ng pondo kapag nangailangan. Naipagkaloob natin ito sa 2,094 farmers na inilibre natin sa pag-rehistro sa BRO-SSSM.

Tuluyan na rin nating naipatupad simula noong January 2015, katulad ng aking iniulat noong nakaraang taon, ang BRO-PAG IBIG na tutulong sa mga small farmers na maka-utang para sa kanilang pagpapagawa ng mas matibay na bahay na may halagang mahigit 400 thousand pesos bilang paghahanda sa mga disaster at kalamidad. Katulad ng lahat ng BRO programs, sagot ng Provincial Government ang kontribusyon ng mga farmers sa PAGIBIG. Kung saan magsisilbing ipon nila ito para may magamit tuwing may emergency o kapag nagretiro na sa pagsasaka.

Kamakailan lamang ay isa pang inspirasyon ang ipinagkaloob natin sa ating mga small farmers na talagang lalong magpapagana sa kanila. Noong July 3 ay inilunsad sa Farmers' Congress sa San Agustin ang pinakabagong component ng BRO Program na sasagot naman sa mga problemang malnutrisyon sa ating farming communities. Ito ang BRO LUSOG sa Barangay, o Laban sa Under-nutrition, Obesity, Sakit at Gutom sa mga kabataang may edad limang taon pababa. Bukod sa actual feeding sa pinagdausan ng Farmers Congress may feeding pang gagawin sa Day Care Centers. Dito pinapakain natin ang mga anak ng mga magsasaka ng lugaw na may itlog, manok at tsamporado na may kasamang fresh milk mula sa bayan ng San Agustin.

May nutrition subsidy na 500 pesos kada buwan at may mga tanim na gulay na ipamimigay sa mga rehistrado sa BRO LUSOG sa Barangay. Sasailalim sa regular na pagtitimbang ang mga batang kasapi dito at ang mga magulang ay kailangang makilahok sa pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa wastong nutrisyon para magtuloy-tuloy ang pagkakaroon ng disiplina ng proper nutrition sa bawat pamilya. Magbibigay din ng mga tanim na gulay sa mga pamilya para may laging pagkukunan ng masustansyang gulay ang bawat pamilyang nakikibahagi dito.

Marami sa ating mga farmers ang natuwa sa BRO LUSOG kaya naman inaasahan natin ang muli nating pagkakaisa para magwagi tayo laban sa malnutrisyon sa Isabela. Naglaan po ng 65 million pesos ang ating minamahal na mga Sangguniang Panlalawigan Members sa pamumuno ni Vice Governor Tonypet Albano para maumpisahan na itong programang ito. Maraming salamat Vice Governor Albano and Members of the Board!

We took the road that we know will lead Isabeleños to good health. Itong Provincial Healthcare na orihinal sa Isabela, ang rehabilitasyon ng apat nating district hospitals .. at ng Provincial Hospital ---

May mga nagsasabi noon na masyadong magastos, sobrang ambisyoso at agresibo -- iyan po ang komento noong nagsisimula pa lamang ang aming administrasyon. Subalit para sa paninindigan ng Dy at Albano, walang pong pondo kaming titipirin kung ang nakataya naman ay ang kapakanan, karapatan, at interes ng ating mga mamamayan. Walang duda! Napakalaki ng naitulong ng ating pagiging agresibo at pagpo-pondo.. para mapagaan ang pasanin ng pamilyang Isabeleno sa mga gastusin ng pagpapa-ospital, pagpapa-gamot ng mga may kanser, nagpapa-dialysis, at mga may laboratory examinations. Ang lahat ng ating nasimulang programa ay patuloy nating tutustusan, at lalong pahuhusayin, upang mas pakinabangan pa ng ating mga mamamayan.

Sa pagtahak natin sa landas tungo sa kalusugan, pumasok tayo sa kasunduan para mabigyan ng modernong kagamitan ang ating mga ospital para mabawasan ang gastusin ng ating mga pasyente sa mga pribadong pagamutan.

Last year, we partnered with MSR, a reputable medical laboratory service provider at ito ay upang maging kumpleto at pinakamoderno ang ating laboratory sa provincial hospital para na rin sa mas mahusay na pag-aaral at pagtukoy sa mga karamdaman. Ngayon ay MSR na rin ang nagpapatakbo ng ating dialysis center para sa mas makabago at mas kumpletong serbisyo sa ating mga pasyente. Salamat sa ating Sangguniang Panlalawigan Members sa pagbibigay pahintulot sa partnership na ito.

Noong July 10 ay isinagawa natin ang TODAS DENGUE, TODO NA TO -- IKALAWANG KAGAT bilang bahagi ng declaration ng July 10 bilang Provincial DISASTER PREPAREDNESS DAY. THIS IS NOT THE FIRST TIME WE DID THIS. Last year ay isinagawa natin ang TODAS DENGUE, TODO NA TO㈫㈱Unang Kagat. Sa buong Pilipinas, Isabela lamang ang may ganito kalawak na pagkilos laban sa dengue at para sa blood donation. Kasama ang lahat ng government offices at lahat ng pribadong opisina sa Isabela, sabay sabay na isinagawa ang paglilinis ng mga estero at kanal, kabahayan at bakuran para puksain ang mga pinamumugaran ng lamok na nagdadala ng dengue fever.

Naging agresibo ang direksyon na tinahak natin para himukin ang mga Isabeleño na magbuklod-buklod at magtatag ng mga samahan para tulungan ang sarili at ang komunidad. Ngayon, may mahigit na 400 cooperatives sa ating lalawigan na ginagabayan natin sa pag-asenso. At habang ipinagkakaloob natin sa kanila ang teknolohiya para dito, sinabayan natin ito ng suporta ng BRO LIVELIHOOD, BRO PAIWI, at BRO LAMFP, mga programa na nagbibigay ng karagdagang kapital at ideya para sa higit na pagunlad ng kanilang kooperatiba at pag-angat ng pamumuhay ng mga miyembro nito at ng kanilang mga pamilya. Sa ngayon ay kabilang ang mga kooperatiba sa may mahigit 30 thousand farmers at cooperatives na beneficiaries ng BRO LAMFP at BRO LIVELIHOOD at sa mahigit isang libong beneficiaries ng BRO PAIWI kung saan pinagkakalooban sila ng mga baboy, kambing at manok.

Kaya naman dito sa Pilipinas ngayon, isa na ang lalawigan ng Isabela sa pinagpipitagan at subok na maaasahan pagdating sa usapin ng pagpapalaganap ng kilusang kooperatiba at pagpapa-tatag sa mga ito. Patunay nito ang pagpili sa Isabela nitong nakaraang June 12 para pagdausan ng NATIONAL CONGRESS FOR AGRICULTURAL COOPERATIVES, ang pinakamalaking pagtitipon-tipon ng mga kooperatiba mula Luzon, VIsayas, hanggang Mindanao na ginanap sa Cauayan City at dinaluhan ng mga malalaking pangalan sa pamahalaan. Nauna na rito ang mga awards na natanggap ng ating Provincial Cooperatives Development Office tulad ng National Winner for Most Outstanding LGU Cooperative Office, Second Place Most Outstanding Coop Development Office, Most Cooperative Friendly Province, at mga Gawad Parangal for Outstanding Local Cooperative Development Office in Region 2 sa bawat taon mula noong 2010.

Upang ang Isabela ay patuloy sa pagiging sagana, ang mga Isabeleño ay dapat HANDA. Ito ang direksyong pinaniniwalaan nating dapat tahakin at ito ang nagawa at patuloy na ginagawa natin mula noong 2010. Hindi tayo dapat mag-usap lamang tungkol sa agrikultura kundi kung paano natin maihahanda ang ating mga sakahan sa pagdating ng kalamidad, at kung paano natin maiibsan ang masamang epekto nito sa sektor ng agrikultura.

Last year, Isabela PDRRMC was again the Number 1 in Disaster Preparedness for the whole Region 2. Tatlong taon na magkakasunod-sunod tayong nagwagi ng Gawad Kalasag ayon sa evaluation ng Office of the Civil Defense.

Also last year, ISABELA PDRRMC was awarded the Second Best PDRRMC Province Category in the WHOLE Philippines na ang ibig sabihin ay may napakataas na antas ng kaligtasan at kahandaan sa Isabela. Nakuha natin ang pinakamataas na grado na hindi pa naibibigay sa isang lalawigan. 99.75% po ang gradong ibinigay ng mga evaluators mula sa OCD at DILG.

Sa kasalukuyan, may limang Evacuation Centers tayong pinapatayo ngayon. Dalawampung Milyong Piso ang halaga ng bawat isa na ginagawa sa Maconacon, Palanan, Divilacan, at Dinapigue. Ang pagpapatayo natin ng evacuation center sa bawat Coastal town ng Isabela ay isang pagtitiyak na hindi na natin papayagang mawalan ng pag-asa ang mga tao doon para makabangon, at magsimula uli.

27 Million naman ang halaga ng Provincial Evacuation Center sa Capitol Compound malapit sa Sports Village. Lahat po ng Evacuation Centers ay malalagyan ng generator na nagkakahalaga ng 1 milyon bawat isa at sariling water systems na isang milyon din ang halaga bawat isa upang kahit sa kasagsagan ng bagyo at kalamidad ay hindi kakapusin ang mga evacuees sa pangangailangan nila sa kuryente at malinis na tubig.

ISABELA has been very consistent in being excellent.. kaya naman ang DepEd sa Maynila po ay bumilib sa ating mga idea. Kamakailan lamang, ang ating ginawang KOMIKS na information material tungkol sa mga tamang hakbang kapag bumabagyo, ay ginamit at pinalimbag ng Department of Education bilang bahagi ng isang Textbook para sa Grade Four na may pamagat na Yaman ng Lahi- Wika at Pagbasa. Ito po ang ginagamit ng lahat ng grade 4 sa BUONG PILIPINAS. Nakalathala po sa librong iyon ang ISABELA bilang pinanggalingan ng Komiks na ginuhit ng ating artist na si RIC CLOTARIO na taga-PA Office. Kaya ipinagmamalaki natin ang sariling atin, produkto natin. CONGRATULATIONS po sa ating lahat!

In celebrating the fresh success of our anti-dengue, disaster preparedness, and bloodletting campaigns, .. we have to cheer and give credit to the spirit of Volunteerism that has become a common cause among many Isabeleños. Maituturing na pong Volunteer Capital ang Isabela kung ibabatay sa mga partisipanteng nagvo-volunteer sa ating mga humanitarian causes.

Ikinatutuwa nating lahat, lalo na po ng inyong lingkod, ang wari ay pagkagising ng marami sa kahalagahan ng pag-aambag ng panahon at ng sarili upang maipadama ang malasakit at pagkalinga sa maraming nangangailangan at para sa kapakanan ng ating komunidad.

Mahigit 150 thousand ang lumahok sa paglilinis noong Disaster Preparedness Day at mahigit 700 bags ng donasyong dugo ang naipon natin. Mahigit 300 organisasyon at kooperatiba ang tumugon sa panawagan, lahat ng LGUs mula barangay hangang munisipyo at siyudad ay nagboluntaryo sa paglilinis. Ito ang pinakamalaking bilang para sa isang kampanya laban sa dengue, disaster, at blood donation, dito sa ating bansa. Noong April sa PedyaKamp naman kung saan nangailangan ng mga volunteers para mag-alaga sa mga batang may kapansanan ay may 300 ang nagpalista para tumayong mga ate, kuya, o magulang ng mga batang bumisita sa atin mula sa Metro Manila at mga kalapit na prubinsya.

Pangalawang beses na itong pagdalaw ng PedyaKamp sa Isabela, at pagtira sa Capitol Compound. They had a very memorable first visit in 2012 so they decided to return to Isabela because Isabeleños are warm and generous, ang mga social workers ay masisipag at mapagmahal, at ang mga kawani ng Provincial

Government ay walang sawang umaalalay sa lahat ng pangangailangan nila sa buong panahon ng pagtira nila dito.

Sa taong ito ay dalawang beses tayong nangailangan ng mga volunteers at hindi tayo nabigo. Katulad na lamang noong mga nakaraang taon, nang nakapartner tayo ng Red Cross para sa isang Fun Run at ang Provincial Government ay nanawagan sa mga Isabeleño kaya naman Isabela ang hinirang na Top Six sa pinakamaraming lumahok sa Fun Run.

Pinakamarami sa buong bansa sa bilang na 11,500 ayon sa ulat ng Philippine Star ang mga nagtipon-tipong Isabeleños para sa Bayani Challenge noong 2013, at nagdeklara pa tayo ng Bayani Challenge Day noon.

Although not a regular function of the Local Chief Executive,.. we believe that cultivating a culture of volunteerism is integral in enhancing the capacities of government personnel who should serve as models and channels of public service in their respective communities. Kaya naman maraming salamat sa inyo.

Hindi rin maikakaila na sa pagkamit natin ng ating mga hangarin bilang isang local government unit, mahalaga ang malapit na pakikipag-ugnayan sa mga ibang sangay ng pamahalaan.. at sa napakaraming upisina ng gobyerno na nakahimpil dito sa Isabela.

Sa bawat anti-dengue campaign na ating isinasagawa, sa bawat imbitasyon natin para sa isang linis-bayan, pagdiriwang ng Isabela Day, Bambanti Festival, Fun Run, at sa pagbuo ng mga Council at komite para matugunan ang mga problema sa environment, illegal logging, sa krimen at droga, at sa kapakanan ng mga kabataang Isabeleño, madali nating nahimok at nakapartner ang mga Pulis, Philippine Army, Department of Education, mga taga Bureau of Fire, Office of Civil Defense, DILG, DOJ, NEDA, ang DENR, ang DPWH, MGB, EMB, , PCIC, Philippine Statistics Authority, ang DSWD, BLGF, Civil Service Commission, OWWA, COMELEC, CDA, PIA, NCIP, Dept of Agriculture, ang DOLE, LTO, National Tobaco Administration, TESDA, NIA MARIIS, ang DAR, GSIS, SSS, Pag IBIG, ang PAG ASA, NFA, NGCP, Air Force at iba pang national agencies na may upisina dito sa Isabela. Ganun din po ang mga mga NGO, ang mga kooperatiba kasama na ang ISELCO II, Jaycees, Rotary Club, Chinese Chamber, siyempre ang ating mga religious sectors, at mga indibidwal na laging handang gumabay tulad ni Gen. Benito Ramos at Mam Perla Visorro at ang lahat ng mga eskwelahang pampubliko at pribado, kasama na ang St. Ferdinand College, Casa Del Niño at PNU na naging consistent sa pakikiisa sa ating disaster preparedness.

May mga pulis nga na nagsasabi na ngayon lamang daw naging ganito kalapit ang kanilang hanay sa Provincial Government. Ganito rin ang sabi ng ating mga bumbero, sundalo, at guro. Nagpapasalamat tayo sa kanilang pakikiisa at umaasa tayo sa higit na pagpapatibay ng ating partnership sa kanilang mga upisina.

Ang ganitong mga tagumpay at lakas ng Isabeleño ngayon.. ang magiging sandalan sa nakatakdang partisipasyon ng Isabela sa nalalapit na katuparan ng ASEAN INTEGRATION kung saan ang bansang Pilipinas at siyam na bansang kasapi ng Association of SouthEast Asian Nations (ASEAN) ay nagtatatag ng isang economic community --- isang production base kung saan mapapaluwag ang daloy ng capital, labor force, at iba pang sangkap sa kalakalan. Ang mga produkto ay maaaring iproseso kahit saan sa rehiyon at mabilis na maipamamahagi kahit saang lokasyon sa ASEAN Region.

Ang Isabela, na may pinakamalaking produksyon ng mais sa Pilipinas, may pinakamalaking supplier ng bigas sa Philippine Market, pinakamaraming ani ng munggo sa Pilipinas, at ang pinakamalaking supplier ng bioethanol fuel sa Luzon, ay magiging isa sa pinakamalakas na lalawigang mangangalakal sa ASEAN markets. Mayaman ang Isabela sa forest at water resources na kukunan ng mga raw materials na kakailanganin at in demand sa mga industriya, iba't-ibang klaseng negosyo, at para sa domestic use. NAPAKATAAS din ng LITERACY rate sa Isabela at nakakaintindi ng Ingles ang karamihan sa atin. Ang kasipagan at creativity ay isang kultura dito sa atin. We also use our resources wisely and we are a a major producer of biomass energy. Ang ating BRO Programs, infrastructure support, at pagpopondo ng maraming post-harvest at irrigation facilities ay nagpapa-baba sa gastusin ng mga magsasaka sa kanilang mga inputs at total cost of production, kaya magiging competitive ang presyo ng mga bilihin dito sa Isabela --- ang ibig sabihin nito ay malakas ang laban ng ating lalawigan sa ASEAN Market. Kaya naman pagdating sa manggagawa, sa materyales, kasama pa ang malulusog at malalaking mga lupain, HANDANG-HANDA ANG ISABELA para maghari sa ASEAN economic community at sa ASEAN INTEGRATION.

Umaabot sa 2.5 Trillion Dollars ang pinagsama-samang gross domestic product ng ASEAN members. 600 Million and combined population ng ASEAN at ang kalakalan sa loob ng rehiyon ay nagkakahalaga ng isang trilyon. Ang direksyong ito ng ASEAN ay magdadala ng malaking kasaganaan para sa Isabela.. at sa pagdating ng takdang panahon, kayo, tayong lahat ay magdiriwang dahil naihanda na natin ang ating lalawigan at ang mga mamamayang Isabeleño para sa hamong ito.

Bahagi ng paghahandang ito ang kasalukuyang Philippine Rural Development Project o PRDP. Kasama and DA at World Bank, limang proyekto na ang inihahanda kabilang ang Dairy, Munggo, Mangga, Tilapia at Kalamansi. Kasalukuyan nang ginagawan ng Value Chain Analysis ang mga proyektong nabanggit. Inumpisahan na ang halos 103 million Farm to Market Road sa Cabagan at Mallig. Nakasalang na rin ang 64 miliong FMR para sa bayan ng San Manuel para sa proyektong Dairy Enterprise.

Malawakang pagsasaayos ng Coastal Isabela ay kabilang sa paghahanda para sa nalalapit na ASEAN INTEGRATION. This is the Road to the development of our coastal region. Kung dati ay iniisip ng iba na wala na yatang pag-asang mapabilis ang paghahatid ng serbisyo sa Palanan, Maconacon, Divilacan, at Dinapigue, at maipakita sa buong mundo ang ganda at yaman ng mga bayang ito, ngayon po ay ibinabalita natin na ang Provincial Government ay pumasok na sa isang loan agreement sa DBP para sa construction ng Ilagan Divilacan Road at sa mga susunod na araw ay maari ng umpisahan ang construction ng daan tungo sa mga kapatid natin sa coastal area.

May haba na 82 kilometers at approved budget cost na 1.5 Billion Pesos ang Ilagan-Divilacan Road. Kapag naisagawa ito, may madadaanan na ang ating mga serbisyo publiko, kasama ang mga doctor at tagapangasiwa ng mga pangangailangang pangkalusugan, mga guro at institusyon para sa edukasyon ng mga kabataan, at mga mangangalakal na siyang magpapakita ng ganda ng Coastal Isabela sa buong daigdig.

Ang suportang ibinibigay natin sa Coastal region sa larangan ng imprastraktura, social services, kalusugan, livelihood development, education, at lahat ng benepisyo ng BRO programs katulad ng ini-enjoy natin dito sa mainland Isabela ay bilang pagtitiyak din na sa panahong naisakatuparan na ang ASEAN Integration, handa na ang Coastal Region ng Isabela para sa daloy ng malaking puhunan para sa turismo, leisure, at marine industries na uusbong sa bahaging ito ng lalawigan.

No country has ever prospered economically while neglecting the very fiber of its existence. Ang katangi-tanging mga tradisyon ng pamilyang Isabeleño, creativity, sipag sa trabaho, pagiging mapagmalasakit sa kapwa, pananampalataya, at mayamang kasaysayan --- lahat po nito ay bahagi ng Isabela cultural heritage na pinag-sumikapang isulong ng inyong Provincial Government.

Sa tulong po ng bawat isa sa inyo at ng ating mga kapwa Isabeleño, limang taon nang ipinagdiriwang ang ating Bambanti Festival --- isa na ngayong maituturing na tradisyon ang ating provincial fiesta. Dahil sa inyong suporta, ang bawat Isabela Day ay isa nang inaabangang taunang paglingon sa marangal na kasaysayan ng ating lalawigan. Nakatayo na po ang Queen Isabela Park bilang simbulo ng cultural awakening ng Isabela, at ang kahandaan nating magpakita ng sipag, talino, creativity, at sari-saring yaman ng Isabeleño. Kaya naman tunay na nating masasabi na sumibol na ang Isabela bilang sentro ng AgriKultura.

THERE IS A SENSE OF PRIDE na maging laman ng dyaryo, tv, magasin, at social media na ang ISABELA ay kinikilala bilang isang magandang tourist destination. Dito matatagpuan ang pinakamalaking hydroelectric dam in Asia, pinakamahahabang ilog at pinakamahal na isda sa Pilipinas. Nandito rin ang pinakamalaking grains processing center, pinakamalaking upuan sa Pilipinas, ang mga lumang Kastilyang simbahan, pinakamalaking open LGU amphitheatre, at ang lungsod ng Cauayan na kinilala ng Guiness Book of World Records sa pagdaraos ng pinakamahahabang parada ng tricycle.

Ito ay ilan lamang sa mga hangaring pang-kultura na natupad na natin, salamat sa nakaraang limang taon ng pagsisikap natin; sa mga bisita natin na naging partisipante o nagtanghal dito at nagsilbing ambassador natin sa pagpapa-laganap ng kaalaman tungkol sa Isabela bilang isang mapayapa, malinis, masagana, at masayang lugar sa Norte.

Sa kabuuan ng ating State of the Province Address, isa lamang ang mensahe na gusto nating iparating sa ating mga kapit-lalawigan, mga kapwa Pilipino sa iba't-ibang bahagi ng Pilipinas, at sa mga balikbayan at turista galing sa ibang bansa.

**TODAY IS THE BEST TIME TO VISIT, INVEST, AND LIVE IN ISABELA.**

Iyan po ang ating mensahe.

Isang lalawigan na kumpletos recados --- ito ang naghihintay sa mga bisita, mamumuhunan, at lahat ng gustong manirahan sa isang malinis, tahimik, malawak, mapagmalasakit, at mahusay na lalawigan.

Isabela is also a 3-time back-to-back-to-back Best Implementer of the Anti-Red Tape Act,.. na ang ibig sabihin ay walang teka-teka, walang fixer sa Kapitolyo at mabilis at mahusay ang mga proseso sa paghahatid natin ng frontline service sa publiko.

Sa kasalukuyan ay Number 2 Most Business-Friendly Province in the Philippines ang Isabela matapos ang tatlong taon na nasa Top Ten lamang. Ayon sa pagsusuri mismo ng mga negosyante at ng DILG, ang ibig sabihin ng award na ito ay TUMAAS PA LALO ang ating marka sa peace and order kahit dumami ang mga tao at negosyante sa Isabela, lalo na sa capital City of Ilagan, Cauyan City, Santiago City kung saan nakararanas ng economic boom. Salamat sa lahat ng city and municipal LGUs sa pagbabantay sa inyong mga lugar.

Ibig sabihin din nito ay tumaas pa ang grado natin sa imprastraktura kasama na ang road network, komunikasyon, at kuryente kahit madalas tayong binabagyo, salamat sa ating mga partner sa private and public sectors. Kaya naman kapag pinagsama ang award na ito at ang Anti-Red Tape at SGLG awards natin, walang kakaba-kaba sa mga negosyanteng gustong mamuhunan sa Isabela.

INDEED, TODAY IS THE BEST TIME TO VISIT, INVEST, AND LIVE IN ISABELA.

My fellow Isabeleños, the performance of your Provincial Government in the past five years has merited and received the most coveted awards in governance in this country. Subalit sa kabila ng lahat ng napakaraming parangal at pagkilala na ating natanggap, huwag tayong mag-relax, bagkus ay lalo pa tayong mag-pursigi. Gamitin natin ito bilang puhunan at inspirasyon para harapin at mapaghandaan ang mga panibagong hamon.

Sa ating pagkakaisa, marami pa tayong makakamtan at malayo pa ang ating mararating. Sama-sama tayo sa pagdiriwang ng ating tagumpay na nagbunga ng mas masaya, mas masigla, at mas maunlad na Isabela!

Maraming Salamat at Mabuhay po tayong lahat!

*****************